

1

“Wait, Bennet, may kakausapin lang ako,” bulong ni Andie, ang kaibigan at kasama niya sa trabaho.

Napilitang tumango si Bennet kahit mas gusto niyang isagot na huwag siyang iwan nito roon. Alam niyang parte ng trabaho nito ang rason kung bakit siya nito iiwan na mag-isa sa mesang iyon. Mabigat ang loob niya nang ibalik ang paningin sa mga tao na kasama sa mesa. Everyone was engaged in their own private conversation at hindi naman siya puwedeng makisali dahil hindi niya kakilala ang mga ito.

It was really a mistake attending Jesse Surigao’s party for his forty-seventh birthday. Wala talaga siyang plano na magpunta sa pagtitipong iyon ng itinuturing na *Christian La Croix* ng Pilipinas. She never liked parties. She was more of a barbecue-at-the-park kind of girl.

Siya, si Bennet Romero, ay fashion assistant ng pinakasikat na independent fashion stylist na si Sasha Lopez. Her work? To make sure that her boss had time to do everything. Kumbaga sa isang kompanya, isa siyang administrative personnel.

Sasha Lopez Inc. o SL Inc. ay isang maliit na kompanya na pangunahing choice ng mga artista, respetadong broadcast journalists at iba pang mga tao na sikat sa larangan ng media. Si

Sasha, ang boss niya, ang pinipili ng mga taong ito upang mag-coordinate ng wardrobe ng mga ito.

Sa mga sandaling iyon ay opisyal na siyang na-a-out of place sa mga tao sa mesa. Kailangan na niyang maghanap ng ibang lugar kung saan siya mapapalagay.

“Excuse me!” she said to nobody in particular.

Napili niyang lumipat sa bar counter dahil walang tao roon maliban sa bartender na mukhang bored na rin sa ginagawa.

“One virgin piña colada, please.” Um-order siya ng maiinom para naman sa paraang iyon ay makita ng tao na nakiki-celebrate siya.

Hindi siya ang tipo ng tao na nag-e-enjoy sa party. Not that she was an anti-social person. Hindi lang talaga siya party-goer. Kung tutuusin, very ironic ang ganoong pananaw niya sa party.

She belonged to the world of fashion. Parte ng trabaho niya ang magpunta sa mga ganitong pagtitipon. Where else would the high-profile people that were their clients go? Hindi ba sa hippiest parties? Iyon ang golden opportunities ng mga fashionista para ipakita sa kapwa fashionista kung sino ang mas magaling magdala ng damit.

She was bored to damnation. Kailangan na niyang gumawa ng hakbang para makaalis sa party. Napilitan siyang ilabas ang cellphone para i-text sina Sasha at Andie na uuwi na siya.

“So, I am taking that you’re bored as much as I am,” sabi ng isang tinig.

Mula sa screen ng cellphone ay nag-angat siya ng paningin. Imposibleng sa bartender galing ang tinig dahil babae ito at boses-lalaki ang kanyang narinig.

Luminga siya at nakita niya ang isang lalaking nakaupo sa stool katabi ng kanya.

“Scotch on the rocks,” sabi ng bartender.

“Thank you,” sabi nito nang abutin ang baso bago humarap sa kanya. “Ikaw ang kinakausap ko.” He flashed her a blinding smile.

“Excuse me?” naguguluhang tanong niya.

“Nabo-bore ka rin, hindi ba?” sagot ng lalaki.

“No!” mahinang sagot niya. Ayaw niyang may makarinig na isa man sa mga bisita na nabo-bore siya kahit iyon talaga ang nararamdaman niya. Hindi niya ma-imagine kung ano ang magiging reaksyon ni Jesse Surigao sakaling may magsumbong dito na ang isang tulad niya ay hindi nakontento sa party nito.

“Oh, yeah?” Kumunot man ang noo nito ay hindi nawala ang ngiti. “Kaya ba mag-isa ka lang dito? Palingon-lingon? Nag-text? Everything about you shouts *Get me out of here! I’m bored!*”

Hindi naiwasang mapangiti ni Bennet sa naging obserbasyon

nito. Malamang nasa hitsura talaga niya ang boredom. Lumapit siya rito at ibinulong na, “Yeah, you’re right. I’m so bored that I’m close to tears.”

“Hindi ka rin nag-e-enjoy sa ganitong gatherings?” mahina ring tugon nito. “And can we talk like two normal people? Bakit ba tayo nagbubulungan?”

“Kasi baka may makarinig sa atin.”

“Okay.” Tumango ito. “So, hindi ka nga nag-e-enjoy?”

“No. Part lang ng trabaho kaya ako ’andito,” sabi niya. “Ikaw? Why are you here?”

“Part of work as well.”

Tiningnan niya nang maigi ang kausap. Kung part ng trabaho ang rason kung bakit ito naroon, then he might also be a part of the fashion world, considering ang birthday celebrant ay isang fashion designer. Maganda ang tindig ng lalaki, good-looking, snappy dresser.

“Are you a model?” Bumalik sa normal ang boses niya.

Natawa ito. “No. A friend of mine asked me to be her date. Sabi niya importante daw na may ka-date siya ngayon. I had no choice but to oblige.”

“You’re a good friend,” aniya. “Pero bakit naman hindi ka nag-e-enjoy sa parties?”

“Sign of aging.”

“Oh, really?” nakangiti niyang sabi. “If that’s the case, siguro pareho na tayong... forty years old?”

“We’re old, aren’t we?” kunwa’y seryosong pahayag nito na sinabayan pa ng pagsalubong ng dalawang kilay.

Pareho silang natawa sa naging takbo ng usapan.

“You’re like a breath of fresh air,” aniya.

“Ikaw din,” anito. “Kanina pa ako naghahanap ng taong makakausap. Mabuti na lang nakita kita na nagpunta dito. Nakita ko na tulad ko, parang napilitan ka lang na pumunta sa party na ito.”

“Ganoon ba ka-obvious ang facial expression ko?”

“Siguro sa tulad kong observant lang. Anyway, can we toast to our newfound acquaintanceship?”

Pinagtama nila ang mga baso at sabay pa silang uminom ng kani-kanyang drinks.

“Uh-oh,” sabi nito nang maibaba ang baso. “Here she comes. I think I have to go.” Lumingon siya sa direksyong tinitingnan ng lalaki. Nakita niyang naglalakad palapit sa kinaroroonan nila si Sofia Montevista, a well-known ballerina and a socialite. Tumayo ito, sabay iniabot ang kamay sa kanya. “I’m Dean, by the way.”

“Nice to meet you Dean.” Nakipagkamay siya rito. “My

name is Bennet.”

Pinanood niya ang pagtalikod nito. Pero hindi pa man ito nakakalayo ay pumihit ito paharap sa kanya. “Hey, did I tell you I like your smile?”

“You just did.”

“Good!” Tumango ito. Ipinagpatuloy nito ang paglalakad hanggang sa masalubong nito si Sofia.

Dumerecho siya ng upo ngunit hindi niya maalis ang tingin sa direksyon ni Dean. Parang mas tumindi ang boredom na naramdaman niya nang iwan siya ng taong nag-enjoy siyang kausap.

Malamang naramdaman pa rin ng binata ang pagkatutok ng mga mata niya rito kaya lumingon ito sa kanya. Nagtama ang mga paningin nila pagkatapos ay ngumiti ito.

Isang araw habang nasa studio ng *SL Inc* .ay nakatanggap ng di-inaasahang tawag si Bennet mula sa isang taong malapit sa kanyang puso.

“Hello,” sabi niya nang iangat ang receiver.

“Bennet? Bennet, is that you?” sabi ng boses sa kabilang linya.

Nagkrus ang dalawang kilay niya nang makilala kung sino ang may-ari ng boses. “Ninong?”

Bennet - Lorry Virgo

“Oh, Bennet, my sweet girl, are you busy today?”

“Ninong, may problema po ba?”

“Bennet, busy ka ngayon?” untag ng ninong niya. “Can I talk to you today?” ang hiling nito.